WeDrawTheLines.ca.gov

555 Capitol Mall, Suite 300
Sacramento, California 95814
Call toll free: 1-866-356-5217
Fax: 916-319-9295
Email: votersfirstact@auditor.ca.gov

Papel ng Dapat Malaman Tungkol sa Pagbabago ng Distrito at ang Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito

- Dapat muling iguhit ng California ang mga hangganan ng mga distrito ng Senado, Asembleya, at Lupon ng Pagpapantay ng Estado tuwing 10 taon, upang ipakita ang mga bagong datos ng populasyon sa pederal na sensus.
- Noong Nobyembre 2008, ipinahintulot ng mga botante ng California ang paglikha ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito noong ipasa nila ang Batas na Mga Botante MUNA, na lumitaw bilang Proposisyon 11. Bago ang 2008, ang mga mambabatas ng California ang gumuguhit ng mga distrito.
- Ang Batas ay nag-aatas sa Tagasuri ng Estado ng California na magpasimula ng isang proseso ng aplikasyon para sa pagpili ng mga miyembro ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.
- Ang mga botante ay nagbigay sa opisina ng Tagasuri ng Estado ng California ng responsibilidad na magpasimula ng aplikasyon sa komisyon dahil gusto nila ng isang di-partidistang entidad – walang mga kaugnayang pampulitika o mga kasalungat na interes at naiintindihan kung paano nagkakabisa ang pamahalaan – upang mapahalaan ang pagpili ng unang walong miyembro ng Komisyon na sa huli ay muling guguhit ang mga hangganan.
- Ang Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito ay dapat gumuhit ng mga hangganan ng distrito na umaayon sa mahihigpit, di-partidistang mga tuntunin na idinisenyo upang lumikha ng mga distrito ng magkakapantay na populasyon na magkakaloob ng makatarungang pagkatawan para sa lahat ng mga taga-California.
- Labing-isang ibang mga estado ang kasalukuyang gumagamit ng di-partidista o dalawang-partido na mga komisyon sa pagbabago ng distrito na binubuo ng mga mamamayang walang mga katungkulan. Sa mga estado ay kabilang ang: Alaska, Arizona, Colorado, Hawaii, Idaho, Iowa, Missouri, Montana, New Jersey, Pennsylvania, at Washington. Ang Arkansas at Ohio ay gumagamit ng mga komisyon sa pagbabago ng distrito na lubos na binubuo ng mga inihalal na opisyal.
- Ang komisyon ay bubuuin ng 14 na miyembro - limang miyembro na mga Demokratiko, limang miyembro na mga Republikano, at apat na miyembro na hindi mga Demokratiko o Republikano.
- Sa California, ang mga nakarehistrong botante ay karapat-dapat maglingkod sa komisyon kung sila ay patuloy na nakarehistro sa California sa iisang partidong pampulitika, o walang partidong pampulitika, para sa limang taon bago hinirang sa komisyon; at sila ay bumoto sa hindi kukulangin sa dalawa ng pinakahuling tatlong pambuong-estadong pangkalahatang halalan.

(mayroon pa)

- Ang isang botante ay hindi maaaring maglingkod sa komisyon kung ang botante o isang miyembro ng kanyang pamilya ay hinirang, inihalal sa, o naging isang kandidato para sa isang pangkongreso o pang-estadong katungkulan sa California; naglingkod bilang isang opisyal, empleyado; o binabayarang tagapayo ng isang partidong pampulitika sa California o ng komite sa kampanya ng isang kandidato para sa pangkongreso o inihahalal na pang-estadong katungkulan; o isang nakarehistrong tagalobi.

- Ang komisyon ay boboto upang aprobahan ang tatlong mapa—isa para sa mga distrito ng Senado, isa para sa mga distrito ng Asembleya, at isa para sa mga distrito ng Lupon ng Pagpapantay. Sa sandaling aprobahan ng komisyon ang tatlong pangwakas na mapa, ang mga mapa ay sesertipikahan sa Kalihim ng Estado sa pamamagitan ng isang ulat na nagpapaliwanag ng batayan na ginawa ng komisyon ang mga desisyon nito.

###